# HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.27 June 2-8, 2025 10.00 ISSN No.: 2672-3034

“CONGRATS TO ALL ELECTED OFFICIALS”

# KONSTRUKSYON NG CAVITE-BATAAN BRIDGE, SISIMULAN NA NGAYONG JULY 2025




Story on p.2






**Blessing and Inauguration: General Trias City Jail-Female Dormitory, Brgy. Tapia Multipurpose Building and Renovated Covert Court -** Mga priority projects ng City Government ng General Trias, 6th Congressional District, DPWH, BJMP at Barangay. Naging posible po ang mga ito dahil sa suporta at pakikiisa ng mga GenTriseño.

## 127 ANNIVERSARY OF BATTLE OF ALAPAN AND 2025 NATIONAL FLAG DAYS

P.4




## BLESSING AND TURN-OVER CEREMONY OF MAGICAL IRRESISTIBLE WATER STATION WITH 80KW ON-GRID SOLAR SYSTEM







Bacoor City, May 29, 2025 – Niog Elementary School celebrated the completion of a significant upgrade to its facilities: a new water station powered by an 80kW on-grid solar system. This project, a testament to successful collaboration, involved the school, the Rotary Club of Hiyas ng Bacoor, and the Magical Irresistible organization, with vital support from the Rotary Club of Jeonju in South Korea.

The event was (cont. P.5)

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09407502964 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Serbisyong Pangkalusugan para sa Kababaihan rolled out in Cavite





As part of the post Provincial Women's Month celebration, an activity dubbed as Serbisyong Pangkalusugan para sa Kababaihan was successfully conducted through the initiative of the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO) in partnership with the Provincial Council for Women (PCW). The medical caravan were held on May 6 in Maragondon; May 7 in Naic; May 8 in Ternate; May 23 in Tagaytay City; and May 24 in the City of General Trias.

Thousands of women from various sectors across the province benefited from the free medical services, which included blood chemistry, electrocardiogram (ECG), chest X-ray, and eye check-up. These services were rendered by Health Bridge Medical Services, Inc.

The activity aimed to promote the importance of women's health and well-being, providing accessible medical care and encouraging preventive health practices among women, especially those in far-flung areas.

This initiative is a testament to the continued efforts of the Provincial Government of Cavite through the OPSWDO, and the PCW, to recognize and support the vital role of women in society by ensuring that their health needs are addressed.

Through programs like these, women are empowered to take charge of their health and are reminded of their significance as pillars of strong families and communities.

## *KONSTRUKSYON NG CAVITE-BATAAN BRIDGE...*

(from p. 1)

Sinabi kahapon ni Public Works Secretary Manuel Bonoan na malapit nang mag-isyu ang kanyang ahensya ng contract packages (CPs) para sa land-based segments ng P175.66-bilyong tulay na magdudugtong sa Bataan at Cavite.

"Sa tingin ko, nasa proseso tayo ng pag-finalize ng mga bid at, marahil, sisimulan natin ang pagtatayo ng dalawang contract packages, land-based contract packages, sa o bago ang Hulyo," ani Bonoan.

Batay sa annual procurement plan ng Department of Public Works and Highways (DPWH), ang mga land approach para sa tulay ay sakop sa CPs 1 at 2. Nakatakdang ilabas ang notice of award para sa mga kontrata sa Hulyo 4, habang ang pagpirma ay sa Hulyo 13.

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGKA'T ANG PANAHON......

1. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit,
Ang mga matanda ay maliligalig,
Hihina ang laman , titigas ang litid,
At ang alaala'y muling magbabalik.

2. Parang kahapon lang bahagyang napansin,
Itong mag-asawa ay magkakasupling,
Naglihi, pumintog, naghirap pa mandin,
Isang batang munti ang makakapiling.

3. Pagka't ang panahon tuloy ang pagdaloy,
Itong munting bata ay magpapatuloy,
Kumawag, dumapa na parang lalangoy,
Hanggang makaupo na tulad sa kasoy.

4. Pagka't ang panahon parang hinahabol,
Bata ay tumayo, lumakad, tumurol,
Nang maging binata'y hawak ang asarol
Upang ipakita ang trabaho't tanggol.

5. Pagka't ang panahon ay napakabilis,
Nakapag-asawa't may sanggol nang kilik,
Bata ay lumaki at saka umalis,
Binata na itong asawa ang ibig.

6. Una ay ang anak, ngayon naman apo,
Kaya tuwang-tuwa ang Lola at Lolo,
Subali't panahon laging nagbabago,
Ngayon nga'y kulubot na ang noo't braso.

7. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit
At pagdating nito'y hatid ang ligalig,
Kung sana ay walang nalasap na tamis,
Sana ay lungkot lang ang palaging kamit.

8. Subali't panahon patuloy ang langoy,
Sa taong maayos, ligaya'y patuloy,
Talo yaong lahat ng paklang susuloy*,
At ani ay bungang masarap ang daloy.
suloy*= pagsibol ng sanga

# SM Retail Job Fair: Trabaho Para sa Pinoys 2025 at SM City Dasmariñas




SM City Dasmariñas opened its doors to nearly 1,000 hopeful jobseekers during the Trabaho Para sa Pinoys 2025 Job Fair, held in partnership with SM Supermalls, Public Employment Service Office (PESO), Department of Labor and Employment (DOLE), and the Local Government Unit of Dasmariñas. Twenty-five SM Retail companies participated, offering a wide range of employment opportunities. The event saw an impressive turnout and immediate impact, with 226 applicants hired on the spot—marking another milestone in SM's commitment to supporting employment and empowering Filipino communities.



*In commemoration of National Flag Day, employees, security guards, and utility personnel of SM City Trece Martires gathered for an earnest flag-raising ceremony.*

*As we stand in the heart of Cavite — where our flag was first raised in victory after the Battle of Alapan in 1898 — we honor the courage of our heroes and celebrate the spirit of Filipino unity and freedom.*

# BACOOR CITY REPRESENT!




The El Gobernador Band, one of Bacoor City's most prominent marching bands, will represent the Philippines at the 127th Philippine Independence Day Parade in New York City, USA on June 1.

This annual event is one of the largest celebrations of Philippine independence outside the Philippines, honoring the country's rich history, vibrant culture, and global community.

El Gobernador Band's participation marks a momentous occasion for the ensemble and the city of Bacoor, widely known as the "Marching Band Capital of the Philippines."


Bacoor's storied tradition of marching bands, which dates back to 1806, is deeply interwoven with its cultural identity. Today, the city boasts 21 active marching bands, a testament to its enduring musical legacy.

Mayor Strike B. Revilla expressed his pride in the band's international appearance.

"The City Government of Bacoor is proud to be part of this important celebration. One of our key initiatives is the support and cultivation of our marching bands, which are integral to our heritage and identity. Seeing El Gobernador Band take center stage in New York brings great pride not just to Bacoor but to the entire Philippines."

The city government remains steadfast in its commitment to promoting Bacoor's cultural heritage and fostering the talents of its local artists.

El Gobernador Band's upcoming performance is expected to showcase Filipino artistry and Bacoor's vibrant musical tradition on a global platform. | via Ruel Francisco - PIA Cavite, Bacoor City Information Office



## 127 ANNIVERSARY OF BATTLE OF ALPAN AND 2025 NATIONAL FLAG DAYS...






Isang masayang selebrasyon ang isinagawa para sa paggunita ng Ika 127th Anniversary Battle of Alapan at 2025 National Flag Days.

Pinanguhan ni 3rd District Congressman ADRIAN JAY AJ ADVINCULA ang celebrasyon sa Dambana ng Pambansang Watawat Heritage Park, Miguel Santo na isinagawa sa Barangay Alapan II-B sa Imus City, Cavite.

Sa nasabing programa nakiisa rin sina Rev. Padre Julius R De Sagun ng Diocesan Shrine & Parish of Our Lady of Fatima - Binakayan, Imus City Mayor ALEX AA ADVINCULA,

Dr. Emmanuel R. Paredes

Acting Tourism officer, Cavite Governor Athena Tolentino, Mr. Regalado Trota Jose Jr., Pangulo ng komisyong pangkasaysayan ng Pilipinas

Itinaas naman ang Pambansang Watawat ng Pilipinas na kinabubikangan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) kasunod ng panunumpa sa Watawat ng Pilipinasna sinundan local Government Unit led by 3rd District Congressman ADRIAN JAY AJ ADVINCULA.

Sa ibinigay na mensahe ng panauhing pandangal na si Mr. Jose Jr. nagpapasalamat siya sa pakikisa ng kabataan na malaki ang naging ambag nito noong nakaraang eleksyon at hinimok nito na ipagpatuloy ito ng kabataan na siyang pag asa para sa mga susunod na henerasyon sa kasaysayan ng Pilipinas.

***( M A R G I E BAUTISTA)***

# Responsible Parenthood and Family Planning Seminar ng POPCOM Carmona









Isinagawa kahapon ang Responsible Parenthood and Family Planning (RPFP) Seminar na dinaluhan ng mga Women of Reproductive Age (WRA) mula sa iba't-ibang barangay. Ito ay ginanap sa City Penthouse sa pangunguna ng Office of the City Population Officer at Office of the City Health Officer (CHO), sa pakikipagtulungan ng Cavite Population Office.

Layon ng nasabing seminar na mabigyan ng tamang kaalaman ang mga kababaihan tungo sa responsable at tamang pagpaplano ng pamilya. Kasabay nito ay nagsagawa din ng PhilHealth Konsulta ang CHO para sa lahat ng dumalo. Dahil sa Tamang Agwat ng Panganganak, ang Pamilya ay Aangat!



SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

# CALABARZON Regional Data Dissemination Forum on the 2024 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey

The Philippine Statistics Authority – Regional Statistical Services Office IV-A announces the conduct of the Regional Data Dissemination Forum on the 2024 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS) for CALABARZON which will be held on 02 June 2025 (Monday), 09:00 a.m. at Hotel Marciano, Calamba City, Laguna. Invited media practitioners and representatives from the academe, regional and local government agencies, and provincial statistical offices in the region are expected to be present during this event.OIC-SOCD Charity O. Bautista and Statistical Specialist II Jan Irvin Mark A. Sison will be the resource persons for the event.

The 2024 FLEMMS is one of the designated statistical activities for critical policy and decision-making by the government per Executive Order No. 352. It is the main source of basic and functional literacy statistics in the Philippines, which are essential in achieving the targets outlined in the Philippine Development Plan 2023-2028 Chapter

2 - Promote Human and Social Development, and the Sustainable Development Goal

4 - Ensure inclusive and equitable quality education and promote lifelong learning opportunities for all.





ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Detergent - 1916

Television - 1926

Cocoa - South America

Coconut - Polynesia

Rimas - rheumatism

# BLESSING AND TURN-OVER CEREMONY OF MAGICAL...

(from p. 1)


graced by the presence of Congresswoman Lani Mercado Revilla and BM Alde Pagulayan. Key figures from the collaborating organizations were also in attendance, including Ms. Loreta Sta. Cruz (Magical Irresistible President), Ms. Sallie Lacson (Past President), President Han Eul Soo and President-elect Jang Kyougah (Rotary Club of Jeonju), Kapitana Alma Camarce and members of the Barangay Council, SK officials, OIC Nora G. Vecino, SPTA President Virginia Pascual, and officers from the Rotary Club of Hiyas ng Bacoor. The enthusiastic participation of teachers and students from Niog Elementary School underscored the importance of this project to the school community.

The new water station, powered by its own solar energy system, promises a reliable and clean water supply for years to come, improving the health and well-being of students and staff. This initiative showcases the positive impact of collaborative partnerships in addressing community needs and promoting sustainable practices. The integration of solar power highlights a commitment to environmental responsibility and long-term cost-effectiveness.

# LIBRENG FLU VACCINE PARA SA ATING MGA MINAMAHAL NA SENIOR CITIZENS



Tuloy-tuloy po tayo sa pagbabahagi ng libreng flu vaccine sa ating mga minamahal na senior citizens para matiyak na maayos ang kanilang kalusugan. Sa City of Carmona, palagi po nating binibigyang importansya ang paghahatid ng medikal na serbisyo sa ating mga mamamayan at isa ang programang ito na tumutulong sa mga vulnerable sectors gaya ng ating mga senior citizens. Abangan po ang mga susunod pa nating schedule para sa mga medical programs ng Pamahalaang Lungsod! ***City Government Of Carmona***




# FAMOUS PERSONALITIES

***BY***

***NICO & NIELSEN BAUTISTA***

NAPOLEN BONAPARTE-Siya ay isang Heneral ng Hukbong Pranses na umagaw sa kapangyarihan. Kinalaban niya at tinalo ang mga Hari sa Europa subali't sa huli ay natalo siya at itinapon sa isang isla kung saan siya namatay sa sakit na kanser.



# LET THERE BE LIGHT!

**By**

**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TAHIMIK** - Ang kalye Tahimik sa Imus ay lugar ng sementeryo kaya Tahimik.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Jose Santarin Tagle** - siya ang bayani sa Battle of Imus noong 3 September 1896. Ginawa siyang Capitan Municipal sa Imus at nanatili sa tungkulin hanggang makabalik ang malaking puwersa ng Kastila at itaboy ang mga rebolusyonaryo.

# MAYOR STRIKE B. REVILLA'S FREE MASS BAPTISM BLESSES ALMOST 200 BACOOR CHILDREN







The City Government of Bacoor, under the leadership of Mayor Strike B. Revilla, successfully conducted its annual "Libreng Binyag" program this morning at the Iglesia Filipina Independente (IFI) Cathedral of St. Michael The Archangel in Digman. A total of 189 children, nearing the 200 mark, received the sacrament of baptism, a testament to the LGU's commitment to providing essential religious services to its constituents. The event was organized by the Office of the City Civil Registry (CCR), headed by Ms. Ma. Theresa Cameros, and involved the dedicated work of CCR staff.


The mass baptism was a joyous occasion, attended by Mayor Strike B. Revilla, Congresswoman Lani Mercado Revilla, Councilor Karen Sarino Evaristo, LnB Vice President Randy Francisco, and several other city officials. The ceremony was officiated by Fr. Monching Tadepa and Fr. Ruben Averilla, rektor and kanan of the Cathedral, respectively, with the assistance of lay readers Ms. Dindi Sanson and Ms. Jovie Castillo. The event was also supported by Cong. Bryan Revilla of Agimat Partylist and Cavite Vice Governor Ram Revilla Bautista.

Beyond the spiritual significance, the "Libreng Binyag" program underscores the Bacoor LGU's dedication to serving its community and providing accessible services to all residents. The program's success highlights the collaborative efforts of the city government, the church, and the families who participated. The event concluded with a fellowship gathering, further strengthening community bonds. (***City Government of Bacoor)***

# *Health Benefits...*

## Kaalaman tungkol sa Alambrillo bilang halamang gamot

Ang alambrillo ay isang uri ng fern o pako na tumutubo nang patayo sa paraming lugar sa Luzon, partikular sa Batanes, Benguet, Nueva Vizcaya at Laguna. Ang halamang ito ay maliit lamang at karaniwan na ring itinatanim sa mga paso bilang halamang ornamental. Karaniwan din itong ginagamit sa panggagamot sa ilang mga lugar.



***Scientific name: Adiantum capillus-veneris Linn.; Adiantum philippense; Adiantum michelii Common name: Alambrillo (Tagalog), Dudder Hair (Ingles)***

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Alambrillo?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang alambrillo ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang halaman ay makukuhanan ng triterpenes, flavonoids, phenylpropanoids at carotenoids.

Ang ugat naman nito ay may taglay na triterpenic compounds, Davallene 1 at Adipedatol 2

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang mga dahon ng alambrillo ay karaniwang nilalaga at pinapainom ang pinaglagaan para sa may sakit. Ang katas ay maaari ding ihalo pulot (honey) gamitin sa panggagamot.

Ugat. Ang pinaglagaan ng maliliit na ugat ay mabisa din na panggamot sa ilang mga karamdaman.

Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Alambrillo?

1. Sipon. Ang pinaglagaan ng dahon ng alambrillo ay karaniwang pinapainom sa taong may sipon upang maibsan ang mga sintomas na nararansan.

2. Ubo. Mabisa din para sa ubo ang pinaglagaan ng mga dahon ng alambrillo. May kaparehong epekto din ang paginom sa maliliit na ugat ng alambrillo.

3. Kawalan ng gana sa pagkain. Matutulungan din ng pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ng alambrillo ang panunumbalik ng gana sa pagkain Ito ay iniinom lamang na parang tsaa.

4. Iritasyon sa mata. Maaaring gamitin sa panggagamot sa iritasyon sa mata ang katas ng dahon na hinalo sa pulot o honey.

5. Hirap sa pagdumi. Ang pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ay makatutulong din sa pagpapadali ng dumi kung dumaranas ng pagtitibi.

6. Iregular na pagreregla. Maaari ding inumin ang pinaglagaan ng dahon para naman mabalik sa normal ang buwanang dalaw sa mga babae.

7. Iritasyon sa balat. Ang dinikdik na mga dahon ng alambrillo ay mabisa naman na lunas sa iritasyon sa balat. Ito ay pinapahid sa apektadong balat.

8. Pagsusugat sa bibig. Maaaring nguyain ang mga dahon ng alambrillo para maibsan ang pagsusugat sa bibig.

9. Lagnat. Matutulungan din ng pag-inom sa pinaglagaan ng ugat ng alambrillo ang pagpapababa sa mataas na lagnat na nararanasan.

10. Pagkapanot. Ang dinikdik na dahon ng alambrillo ay maaaring ipampahid sa bahagi ng ulo na numinipis ang buhok o nalalagasan ng buhok.

# IMUS LGU, NAGSASAGAWA NG MGA AKTIBIDAD PARA SA GRADUATING STUDENTS NG CVSU-IMUS CAMPUS





Nakipagtulungan ang Public Employment Service Office sa Department of Labor and Employment (DOLE) at Department of Migrant Workers (DMW) para sa pagsasagawa ng Labor Education for Graduating Students (LEGS), Anti-Illegal Recruitment and Trafficking in Person (AIRTIP), at Job Matching Activity sa Cavite State University (CVSU) – Imus Campus noong Mayo 23, 2025.

Tinatayang nasa 1,100 graduating students ang nakinig sa talakayan ni Senior Labor and Employment Officer Anne Marie Faye Markes – Gloria ng DOLE Provincial Office ukol sa mga dapat ihanda sa kanilang paghahanap ng trabaho, mga realidad ng pagtatrabaho, at ang kanilang mga karapatan bilang manggagawa.

Nakilahok din ang mga mag-aaral sa usapin kung paano sila makaiiwas mula sa mga illegal recruiter sa pangunguna nina Regional Director Atty. April Casabuena, Senior Labor and Employment Officer Kaye Delos Santos, at Labor and Employment Officer III Maria Corazon Foncardas ng DMW.

Samantala, 591 estudyante ang nagpasa ng kanilang job applications sa 10 kumpanyang lumahok sa Job Matching Activity.

Patuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagsasagawa ng mga programang makatutulong sa kabuhayan at paghahanapbuhay ng mga Imuseño.

# CARD RBI OPENS ITS 39TH BRANCH IN ZAMBOANGA DEL NORTE



Leading the way to financial inclusion, CARD RBI opens its 39th branch in Sindangan, Zamboanga del Norte.

CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), a microfinance oriented-rural bank under CARD MRI opened its 39th branch in Sindangan, Zamboanga del Norte on January 20, 2025.

"This event marks more than just the opening of a new branch; it signifies the opening of new doors to opportunities that will better serve communities, especially those facing social and economic challenges, as well as MSMEs. We aim to provide financial and non-financial products and services," said CARD RBI President and CEO Ms. Lyneth Derequito.

According to the 2020 LGU Households Survey, Sindangan has a total household population of 26,068, with an average household size of 4.3. CARD RBI Sindangan Branch is now ready to meet the banking needs of the local communities, particularly the microentrepreneurs.

Sindangan is known for its thriving agribusiness sector, which includes fish and seaweed processing. These industries play a vital role in the economy of Zamboanga del Norte, a province recognized for its diverse agribusiness activities, such as coconut oil milling, wood processing, and rubber production.

"We are committed to reaching more communities and MSMEs through branch expansion. Our goal is to offer essential services and implement community-based development programs to address the various needs of the people," Chairman of the Board Mr. Aristeo A. Dequito said.

The Bank

CARD RBI caters to various financial needs of its clients as it offers a wide range of banking products and services such as micro and SME loans, savings, and remittance services to ensure that all socioeconomically challenged families in the country have access to affordable and quality financial services.

The opening ceremony was attended by CARD MRI Rizal Bank President and CEO Ms. Lyneth L. Derequito, CARD RBI Executive Vice President Ms. Juliana B. De Leon, together with Chairman of the Board Mr. Aristeo A. Dequito, CARD RBI Former President and Board Director Ms. Elma B. Valenzuela, Sindangan Mayor Hon. Rosendo "Dodoy" S. Labadlabad, Vice Mayor Hon. Nilo Boy Sy, and other CARD MRI officers and staff.

This new branch is part of CARD RBI's mission to promote financial inclusion in the country. The new branch is located in Poblacion, Sindangan, Zamboanga del Norte.

As of December 2024, CARD RBI has grown significantly with over P7.5 billion in assets and more than 330 offices nationwide, serving over 820,000 clients.

For more information about CARD MRI Rizal Bank, Inc., visit its official website at www.cardmri.com/rbi/, and its Facebook page at CMRBofficial.




*SCHOOL VACATION TREAT from MAYOR STRIKE REVILLA and THE CLUBHOUSE NETWORK - BACOOR!!*

*AVAIL our 3-DAY BASIC GRAPHIC DESIGN WORKSHOP*

*Open to all Bacooreños ages 13 to 17 years old ONLY!*

*Topics for the FREE workshop include:*

** Illustrator, Photoshop and CANVA*

*The schedule of the Workshop is on June 3 to June 5, 2025, from 8AM to 4PM at the Bacoor Computer Center, Evangelista Road, Brgy. Sinbanali, Bacoor City, Cavite.*

*Requirements for registration:*

*1. Bacooreños must be between the ages of 13 and 17 years old*

*2. Photocopy of most recent SCHOOL ID*

*3. Must have a Google Account that can be used personally during the training.*

*For CLUBHOUSE NETWORK MEMBERS, no need to submit any requirements, register on the link provided below.*

*TO REGISTER: bit.ly/VGDSWB11-REGISTRATION*

*If you have any questions, please call us at (046) 450-9293.*

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan,
Silang, Cavite

Vol. IX No.27

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.27 June 2-8, 2025 P10.00

# DO YOU KNOW ?


*James I was the first English monarch to use the fork.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**




# Launching of Farmers Field School project in Naic, Cavite









On May 22, 2025, the Office of the Provincial Agriculturist, in partnership with the Department of Agriculture-Regional Field Office IV A and Naic Municipal Agriculture Office, officially launched the Farmers Field School on Production of High Quality Inbred Rice Seeds and Farm Mechanization at Gracita Johnson's Residence, Malainen Bago, Naic, aiming to equip Cavite farmers with advanced agricultural methods and modern mechanisms.

Punong Barangay Lito Catibayan of Malainen Bago warmly greeted attendees, stating that he was pleased to have learned that their barangay was chosen for such a meaningful project as this would strengthen the capabilities of the farmers.


Engr. Anna Pamela Nova-Cruz, OIC-Provincial Agriculturist, together with Ms. Pamela Cordero, Naic Municipal Agriculturist; Ms. Chilina Beato of RFO IV-A; and Mr. Ruben Perlas of APCO-Cavite, graced the event, expressing their support and commitment to empowering farmers with in-depth knowledge to foster a sustainable and resilient farming sector amid the challenges of the modern economy.

Ms. Lilian Telmo then provided the thirty-six (36) participating farmers with a deeper understanding of the Farmers Field School by delivering an overview of the project, highlighting its scope and expected outcomes.

In addition, a pre-test was administered to gauge the farmers' current understanding and align their expectations regarding rice production.

The FFS project is initiated not only to teach the ABCs and know-how of rice production, but also to provide on-hand experiences and practices for a long-term impact to the farming sector. — J. Reyes

# Ang Makulay at Masayang Festival of Hope 2025 sa Trece Martires, Cavite




Bilang Pag diriwang ng ika 71 Anibersaryo ng Pag Kakatatag Lungsod ng Trece Martires ginanap ang Taunang Makulay na Festival of Hope sa Lungsod, Pumarada ang Napaka Gaganda at Magagarbong Floats Kasabay ang Masisiglang Street Dancers Mula sa Ibat Ibang Barangay.